**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

# MEETING OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE WITH THE INTER-AGENCY TASK FORCE FOR THE MANAGEMENT OF EMERGING INFECTIOUS DISEASES (IATF-EID)

[08 April 2020]

**PRESIDENT RODRIGO DUTERTE:** Sa aking mga kababayan, we are meeting for the nth time --- I do not know how many. But I'm sure it would be a long, long train of meetings about 'yung problema.

Now let --- gusto kong malaman ninyo ang pag-usapan na lang dito walang iba, hindi tayo lalabas, mag-uusap tayo ng COVID at ano ang resulta noong pumasok na 'yang virus na 'yan o virus. But I have been pronouncing it virus anyway. Ganun 'yan. So hindi tayo maglabas dito, COVID lang talaga tayo at ano ang --- the --- ang problema na lumabas sa contamination sa ating bayan.

So let me --- para maraming --- ay para maraming masagot 'yung maraming tanong ninyo, tatawagin ko si Secretary Bautista ng DSWD para mag-presentation at magsabi sa tao kung saan na 'yung pera at ano ang nangyari as of now, itong panahon na ito. Rol, Secretary Bautista, you can…

**DSWD SECRETARY ROLANDO BAUTISTA:** Hello Cabinet secretaries, maayong hapon. Sa mga nanonood ngayon, magandang hapon din sa inyong lahat.

Unang-una, nais ko lang ipahatid sa inyo na noong dumating ang 100 billion as an initial tranche para sa cash amelioration program ay --- in a matter of three to five days --- ay naibaba namin kaagad ang kaukulang ayuda para sa ating mga 4Ps members.

Hindi po tayo masyadong nagkaroon ng problema nito dahil we have a credible list being kept by the DSWD and from time to time, itong mga benepisyaryo na'to ay nagka-conduct ng cash assistance every month. So hindi po tayo nagkaroon ng problema nito.

Kasunod din po no'n ay nag-pay out din po tayo sa mga transport group --- transport group beneficiaries. Nakuha lang po natin 'to ng dalawa at saka tatlong araw. So ibig sabihin po nito, in a matter of from April 3 hanggang April 7, na-cover po natin ang pagbabayad sa mga 4Ps beneficiaries and other transport groups. Babalikan ko ulit, hindi tayo nahirapan dito dahil meron tayong credible list.

Noong April 3 po, more than 80 million ang ibinaba po natin sa field offices. Ibig po sabihin nito talagang 'yung mga budget allocated sa mga field offices para implement ang social amelioration program ay makarating kaagad sa kanila kasi alam naman natin na sila ang mag-i-implement in coordination sa mga LGU.

Noong natanggap po nila ang amount na 80 billion ay dito na po nakipag-coordinate po sa mga local government units --- local government units sa municipal, city social welfare development para po i-transfer po natin ang pondo sa kanilang LGU. Ang naging konsepto po nito ay sa tulungan ng AFP, PNP, DSWD personnel, other monitoring groups ay tutulong para sa implementasyon ng social amelioration program.

Dito po naranasan natin na mayroong sabihin na natin naging problema kasi po ang listahan ng mga taong babayaran ay hindi po available. Siguro ang ine-expect po namin noon na ang LGU dahil alam nila ang kanilang constituents ay they have the profile: the names, the work and other livelihood activities ng kanilang mga nasasakupan.

Dahil po hindi rin nila masyado kabisado o sabihin natin ding may kakulangan sa mga listahan na 'yon, dito na po nagkaroon ng problema. Pero kung tutuusin po natin ay ito po ang unang pagkakataon na dumaan tayo sa sitwasyon na 'to kaya naniniwala ako na sa unang sitwasyon na 'to masasabi kong walang perfect na sistema.

But as we continue to engage the LGU, municipal, city social welfare development offices we were able to identify and determine what are the gaps and the shortcomings. And hopefully in due time, we will be able to have it --- distribute the cash amelioration systematically and orderly.

Nais ko lang i-emphasize dito para sa kalinawan ng lahat na ang cash amelioration program ay intended po para sa pamilya. Uulitin ko po, ito po ay intended sa pamilya. So ibig sabihin nito na ang isang head of the family ay bibigyan po sila ng social amelioration card at dito po nila isusulat ang kanilang profile.

Bakit natin pinapasulat sila sa social amelioration card? Para po makita kung ano pa ang mga tulong na naibigay sa kanila. May mga pagkakataon na ang isang pamilya o ang isang miyembro ng kanilang pamilya ay benepisyaryo din po ng DOLE, benepisyaryo din po ng Department of Agriculture or even DTI na ayon po sa batas ng Bayanihan Law na dapat ang isang pamilya ay makakatanggap lamang ng 5,000 to 8,000 depende sa minimum wage rate sa isang rehiyon.

Ang magiging problema po natin 'to kapag hindi po na-validate ang isang pamilya, magkakaroon po ng duplikasyon ng mga benepisyong ibibigay sa kanya. Ano pong magiging epekto nito? Mababawasan po ang mga benepisyaryo dahil ang isang pamilya na nakakatanggap ng --- sabihin natin kung hindi nabantayan --- makakatanggap ng isa, dalawa o tatlong ayuda sa mga iba't ibang ahensiya.

Pero kung susundan lang 'yung sinasabi nating isang ayuda lamang, 'yung mga sobra doon ay maaaring ibigay sa mga nakakarami. Kaya ayon ang ine-emphasize namin talaga na dapat sa pamilya.

'Yang mga other documentary requirements, mga basic documentary requirements na kasunduan ng LGU, municipal, city social welfare development offices ay kailangan po 'yan dahil sa transparency and accountability.

Alam naman po natin na may mga pagkakataon na may mawawalang pera o hindi mabibilang ang pera kaya kailangan po na mayroong taong mananagot, taong sasagot kung sakaling hanapin ang mga pagkukulang na pera.

Pero ito ang ine-encourage ko sa ating mga kapatid na dapat we should be a vanguard in the distribution of the social amelioration program. Dapat lumakas ang ating boses dahil alam naman natin na ang social amelioration program ay people's money, coming from the people's tax at hindi dapat po ito masayang o magamit lamang ng mga taong iniisip ang kanilang sariling interes.

Ang akin lang pong advice sa ating lahat na this is not the time for blame game. Dapat the more that we should help one another in any form we can. Katulad ng ating --- sinasabi ng ating Presidente na this is an opportunity for us to show to our people that we are worth a public servant and only looking

after the welfare of our brothers and sisters. So iyon lang po ang aking mensahe.

Ang DSWD po ay gagawin ang lahat na tulungan ang ating mga LGUs para masigurado natin na mapadali, mapabilis ang pagbibigay ayuda under the social amelioration program. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Who would like to…? Ang chief implementer ng ano --- ating programa si Secretary Lorenzana sa Department of Defense.

**DND SECRETARY DELFIN LORENZANA:** Magandang gabi Ginoong Presidente, mga…

**PRESIDENT DUTERTE:** Mag-mask ka kasi para tayong lone rangers dito.

**SEC. LORENZANA:** Mga miyebro ng Gabinete at ating mamamayan, ako po 'yung chairman ng National Task Force ng COVID-19. Ito po ang ginagawa ng inyong task force ngayon.

Ayos na po 'yung ating organization. Meron tayong organization ng mga lahat-lahat na --- transportation, logistics, saka 'yung communications.

Naayos na po natin 'yung ating mga supplies ngayon. Nakahabol na po tayo ng ating mga PPEs sa --- na pinamili po ng PS-DBM at saka ng DOH mula Tsina.

Halos araw-araw po ang hakot ng ating C-130 ng mga gamit na 'yan. At ito po --- kami rin po ang nagbibigay ng mga --- nagdi-distribute nitong mga gamit na ito sa mga ospital dito sa Maynila at saka sa probinsya.

Tumutulong din kami ng paghahakot ng mga ibang gamit sa Mindanao at saka sa Visayas gamit ang ating mga Air Force planes.

Ito pong --- isa pong pinagkakaabalahan namin ngayon ay ang maghanap ng mga lugar na pwede nating gamiting isolation wards ng mga apektado ng COVID.

Marami na tayong nakita rito --- 'yung World Trade Center, 'yung PICC, 'yung Rizal Memorial Coliseum, 'yung Tala, lahat na, QI. Handa na po 'yan.

At saka kahapon, nagpunta kami doon sa Philippine Arena ng INC, ng Iglesia ni Cristo at kami'y nagpapasalamat kay kapatid Eduardo Manalo kasi inoffer niya 'yung kanilang facilities na kung magagawa natin 'yun ay dalawang libong beds ang ating magagawa roon.

So huwag po kayong mag-alala kami po'y --- meron tayong mga tao namamahala ng mga dapat gawin ng ating probinsya. Kami po ang taga-implement lahat nung mga gagawin sa lupa.

So huwag po kayo mag-alala at kami po'y nandoon nang araw-araw at 24 hours a day. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** General Galvez?

**PRESIDENTIAL ADVISER ON PEACE PROCESS CARLITO GALVEZ JR.:** Sa ating mga kababayan, mag-report lang po kami na talagang 'yung plano po natin na National Action Plan ay on track. 'Yung capacity natin, ng DOH, ay lumalakas na po ngayon. Ang ating testing ay tumataas na na ngayon na 2,400.

And then 'yung na-accredit po na mga testing center ay umabot na po ng 11 and then meron pa pong walo na nag-a-apply na magkakaroon po ng testing.

Sa ngayon po, nakita po natin na 'yung ating lockdown ay napakaganda po ng ating nagawa dahil po nai-push po 'yung curve towards one month na delay.

So it gave us the capacity to improve our medical services. At the same time, nakita po natin na talagang mababa po 'yung ano natin.

Sa ngayon po, napakaganda ng ating balita dahil kasi meron po tayong 11 recoveries ngayon. Kung titingnan natin sa ibang bansa, napakataas ng kanilang death ano --- death rate.

Sa US, they have 1,000 every day. Sa atin nakita natin --- sa atin hindi pa tumataas ng 30 o nakikita natin nag-a-ano lang ng walo hanggang lima o hanggang mataas sa 10.

Itong mga ito nakikita natin napakaganda ng ating preparasyon kumpara sa ibang bansa. Nakikita natin na ngayon ang Japan na napakayaman, ang kanilang health services hindi maka --- maka-ano --- maka-

accommodate ng mga nangyayari sa kanilang mga cases. Same --- so with Singapore, they conducted the lockdown.

Nakita natin na maganda ang naging desisyon ng ating mahal na Pangulo na tayo ang pinakauna na nagkaroon ng tinatawag nating ‘yung travel ban sa mga bansa na nagkakaroon ng COVID cases.

At nakita natin na ang ating hard decision, ‘yung desperate decision natin is paving the way for good results that we are having now. ‘Yun lang po at marami pong salamat.

**PRESIDENT DUTERTE:** Maybe Secretary Duque then maybe Sonny would want to just say a few statements about --- after kay Secretary Duque.

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Magandang gabi po, Mr. President, at sa akin pong mga kapwa miyembro ng Gabinete at sa lahat po ng ating mga kababayan.

Ako po ay taos-pusong nagpapasalamat dahil po sa napakamalakas na suporta na ipinamamamalas ng ating Pangulo at kaya naman po marami din po tayong mga tagumpay na nakakamit sa pagsulong po ng atin programa laban --- ‘yung plano po natin laban po sa COVID-19.

At nabanggit na po ng mga iba’t-ibang mga kalihim ang kanila pong mga nagawa na at hindi ko na po uulitin. Ang mahalaga po ay ang pagkakataong kinakailangan gamitin para bigyan ng pagkilala ang atin pong mga healthcare workers, ang atin pong mga frontliners.

Sila po ang taga-salba ng atin pong mga pasyente na tinamaan po ng COVID-19 infection at kaya po saludo po kami sa lahat po ng mga healthcare workers, ang mga doctor, ang mga nurses, at lalo na po ‘yon pong nagbuwis ng kanilang buhay.

Meron 11 po tayong pumanaw na mga doktor. At ito po ang masasabi ko, wala hong katumbas ang inyong kabayanihan at ang inyo pong sakripisyo sa pagsalba ng buhay ng mga naapektuhan po ng COVID-19.

At maganda po ang halimbawa na ipinakikita ninyo at kayo po ang pinanggagalingan ng lakas at pasasalamat ng atin pong taong-bayan sa inyo pong patuloy na sakripisyo, ang atin pong mga frontliners ay malakas po ang suporta ng Pangulong Duterte at hindi po kayo pababayaan.

Mahirap man po ang inyong trabaho, ngunit ang --- nandiyan po ang lahat po ng mga namumuno sa gobyerno para bigyan po kayo ng sapat na suporta, kagaya po ng personal protective equipment ay kayo po ang number one priority sa pagbibigay po nitong mga kasangkapang ito.

At ganun din po sa atin pagpapalawig ng pagsuri ng atin pong mga specimen ay ang mga healthcare workers din po ang number one priority.

So ito lang po ang aking masasabi. At pagka ihahambing po natin ang bilang ng mga may impeksyon sa Pilipinas ay isa po tayo sa may pinakamababa na bilang sa 3,764 po ang bilang as of yesterday.

At ang --- ito pong bilang na ito ay lumalabas dalawa ang total case per one million population. Isa po tayo sa pinakamababa.

At kung ihahambing po natin ang mga mayayamang bansa ay ‘di hamak na malayong-malayo po ang atin ranggo. Kung titingnan po natin ayan po malinaw naman po sa mga listahan na nakalagay po sa COVID world tracker ay isa po tayo sa may mababa na rate of infection.

Kaya ito po ay nagsasalamin ng mga desisyon na ginawa po ng ating mahal na Pangulo at dalawa po itong napakamalakas na desisyon.

At kanya po talagang nakatulong po ito sa pagpigil ng pagkalat ng COVID sa Pilipinas. Ito po ‘yung atin one --- ito po ‘yung atin travel restriction, absolute travel restriction na ibinababa po ng ating Pangulo doon po sa mga manggagaling sa bansang China noon pong Pebrero.

At pangalawa pong magandang --- at malakas na desisyon ng ating Pangulo ay ang pag-lockdown, ‘yung atin pong enhanced community quarantine.

So ito po ang dalawang kadahilanan --- pangunahing kadahilanan kung bakit po ang bilang ng COVID infection sa Pilipinas kung ihahambing sa ibang mga bansa ay mababa po talaga.

So ito lang po ang aking masasabi. Maraming salamat po sa suporta ng ating mahal na Pangulong Duterte.

**PRESIDENT DUTERTE:** I’d like to call Secretary Dominguez of the Finance to --- well, just say a few words. You have said a lot but you might want to just give a statement to this meeting.

**DOF SECRETARY CARLOS DOMINGUEZ III:** Magandang gabi, Mr. President, at members ng Cabinet. Before we start, tingnan natin kung saan tayo nanggagaling sa --- in terms of the economy ho.

Noong pumasok kayo noong 2016, ang order niyo ho sa amin is to manage the economy for the welfare of the Filipino people. Ang ibig sabihin nun, lahat ng collection natin ng taxes should be collected efficiently at lahat ng gastos natin should be very conservative and really huwag tayo mag-waldas ng pera.

So ang resulta ho noon ay maganda 'yung position ng economy natin so kaya even though we have a bad --- a bad luck to have this COVID-19, we are very well-prepared.

Ang growth ho natin from 2016 ay average 6.4 percent. 'Yung collection natin ng income ng government ay --- is the highest in 22 years as a percentage of our growth.

Ang utang ho natin is --- has gone down to the lowest it has been in terms of percentage to GDP and it's only now 41.5 percent. Dati ho 70 percent of GDP 'yan.

Ang inflation ho natin bumaba na. So it's --- last month it was two and a half percent and it is within our target of two to four percent.

Ngayon, itong COVID-19 has hit us in a very hard way. Ang katotohanan lang, ang estimate natin our GDP growth will be zero or minus one percent.

Ang temporary unemployment natin will be 1.2 million workers. Pero this is --- this is in comparison with the lowest unemployment rate ever achieved in the Philippines.

For the economies ho, tingnan din natin 'yung budget deficit natin from 3.2 percent lalaki ng three po --- 5.3 percent. In other words, we will be spending more than we will be collecting. But we are spending more in order to save the people and make sure that they have food on the table during this time.

So ang debt to GDP natin ho tataas ng from 41 percent, siguro aabot ng 47 percent. Pero that is still very low in --- compared to our neighbors. May isang neighbor tayo na 80 percent of GDP ang utang nila.

Ngayon, nagpapasalamat ho ako na the legislature gave you the power to reallocate the budget so that we can… We can meet the new --- how

would you say --- the new priorities now which is the COVID --- which is brought about by the COVID.

So ang --- the economic managers and the Central Bank have put together a fiscal and monetary actions of a value up to date --- up to this date of 1.17 trillion pesos or six point --- six to --- five to six percent of the GDP.

We have a long breakdown of how we have this --- this program. But mostly it was to provide subsidies for the low income --- low income families and workers of the small and medium enterprises.

We also spent a lot of money about 600 million pesos for health care and COVID items, and the Central Bank has provided 830 billion pesos in liquidity for the economy.

So ang --- this is what we have done so far. Ngayon right now, we are working on our recovery or our bounce back program. But to do that, we have to analyze first what is the damage to the economy.

So we have a survey and we have already received 44,000 respondents and we will analyze that para matingnan natin kung saan ang malaking damage sa tourism, sa manufacturing, at saka anong mga companies na natamaan nang masama, either small and medium enterprises or 'yung mga big corporations.

So we are also coming up with a program to continuously borrow more money to support the Philippine economy and our fight against this COVID.

Right now, tina-tap natin 'yung mga kaibigan natin sa ADB at saka sa World Bank and we will probably be borrowing mga 5.6 billion US dollars from them. Kung kulang pa ito, we will go to the commercial market. Pero okay naman ang credit rating natin, tumaas nga. BBB+ na tayo, the highest ever.

So we are confident ho na we have the financial capability to bridge this problem of the --- the COVID has brought us. So we want to assure all our citizens na at this point in time, we have the money although we have to realize na hindi naman endless 'yung pera na ito. So kailangan we have to spend it correctly, hindi 'yung for wasteful expenditures.

So the program is to spend, first, to help the poorest families, and then to help the small and medium enterprises, and then to provide support for the companies that are supported by their banks.

So, Mr. President, you have created an economy that can stand a hard-hit and I think the Filipino people should thank you for your very conservative economic policies.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Sonny Dominguez. Before we end, I'd like to make a recap. Ako na ang mag-summera --- mag-summarize ng ano 'yung mga pinagdadaldal namin dito.

Sabi ko hindi tayo lalabas sa COVID as the topic at 'yung mga problema na ibinigay ng COVID sa Pilipino.

One is that marami na pong report sa akin na 'yung mga taong ngayon na nagtitira sa upahan na mga bahay ay they are being pressured to pay.

Alam mo, lahat tayo nawalaan ng income. So I'd like to ask the owners na kung maaari, 'yung sa lote, to suspend --- 'yung sa bahay huwag mo munang hingiin kasi wala talaga o kaya naghihirap ngayon.

And whatever na ang nasa kamay ng mga tao ngayon, they are saving it for the last day, the rainy days to come. Nandiyan naman 'yung tulong pero ito ang gusto ninyong --- gusto ko ninyong maintindihan.

'Yung pinagdadaldal ng isang congressman na ulol, torpe, na may 300 billion ibinigay ng Kongreso, hangin ho lahat 'yan. Wala pa 'yang pera na 'yan dito.

'Yung budget for next year, we are preparing it now. 'Yung budget na pinapatakbo natin was prepared last year. But COVID was not included in that budget.

So 'yung --- 'yung sabi ko na 300 billion, 'yon 'yung mga sinabi ko na wala masyadong proyekto na walang siguro or projects, sabi ko, that cannot be completed during my term.

Kasi sabi ko sa kanila Wendel Avisado sa Budget; and Sonny knows it, he's from Davao; Congressman Nograles, na sinabi ko sa mga tao ko nitong paalis na --- last year --- mag-isip kayo ng budget that can be implemented at matatapos sa termino ko. Ayaw kong lumabas sa opisina na mayroong mga project na hindi natatapos. Kaya kung hindi naman importante, ang suggestion ko kay --- sa Finance, kay Secretary Dominguez is be sparing.

‘Yun na lang mga projects na talagang makikita mo at matatapos natin at makita ng mga tao.

Kaya ‘yung nakikita ninyo ngayon, ‘yung mga daan kung anong nakikita ninyo ‘yon ‘yung projects na nakaantala --- *[antala? atala?]* nakaantala sa budget, that was prepared last year.

‘Yang pera na ‘yang --- ‘yang para sa COVID, hindi ‘yan pera na kukunin pa. ‘Yan ang nireserba ni Secretary Dominguez na may pang buffer zone tayo at may maiwan tayong pera bago tayo umalis sa gobyernong ito. ‘Yun ang totoo diyan.

Ngayon, iyong pera na sinasabi ng --- itong ulol na abogado naman sana, pakatorpe… I think your brain is melting. You’re a lawyer. Sabagay economy man ito. Kung saan ka nag-aral ewan ko. ‘Yang pera, ‘yung pino-program last year na ngayon, ito ‘yung budget na guide na pera na makokolekta natin.

So ang fiscal year is divided into first, second, third, fourth quarter. Ang nasa --- ginagamit lang natin ‘yung nakakolekta natin ngayon. ‘Yung sa budget na naka-program, hindi na --- baka hindi na matuloy ‘yon dahil sa COVID nag-ekis ang panahon.

So ‘yung may mga project ngayon, baka ilaglag ko ‘yung malalaki ‘pag nagkulang ako sa pera para sa control sa COVID. Magastos itong p***** i***** kalaban na ito. Hindi mo makita at lahat ay tinatamaan, hino-hostage tayo.

Sabi nga doon sa --- nagfe-Facebook sa akin, natatawa na lang ako, “Eh bakit --- paano natin labanan ‘yang COVID kung nagtatago tayo? Hindi mo kami pinapalabas ng bahay.” Alam ko mag --- minsan bastos ako magkwento, magbiro, pero totoo ka talaga, tama ka.

Kagaya kay Pamatong na pinapaalis ako kasi wala akong solusyon. Sabi ko sige tama, ikaw na ang presidente. Kaya sabi ng mga sundalo nasaan ka na kasi mag-report na sila sa iyo. Eh hindi ka man nila nakikita. Where are you?

Kasi kung mag --- nakumbinsi mo ako na may med --- you have a medicine to cure COVID in seven weeks? Anak ng p***, sabihin ko sa iyo, kung totoo ‘yan adre, ako na mismo ang magtulak sa ulo ko diyan sa Pasig, “G***, umalis ka na at dumating na ang santelmo ng…” T*** i**… Iyon ‘yung…

What is so exasperating is that we are trying our best. Sa limitado natin, sabi nga ni Secretary Dominguez, may pera, eh may gobyerno eh. Kaso lang hindi ito para --- para sa lahat ng panahon.

So kasi bakit masabi mo, eh wala tayong kinikita ngayon. Ano ‘yung budget na sinasabi niyang intelligence fund, wala pa ‘yan, kokolektahin pa ‘yan para sa second quarter at magkolekta para sa third quarter.

Hindi ‘yan… Ang pagkaintindi kasi ‘pag naniniwala kayo sa mga ugok na ‘yan, na ‘yung 300 billion nandiyan. “O ito Duterte…” iyong Kongreso, “300 billion, iyo ‘yan. Sige, gastos.” Hindi ho ganun. Alam mo bakit? Wala pa ‘yan. Ginusto ko man hangin pa ‘yan, mag-ga-ganun ako sa ere. Kasi wala pa.

Ang budget ang guide. Last --- prepared last year ang budget ngayon. Pero ‘yung pagpatakbo ng --- what’s inside the budget is really the money that will be collected by the Finance people, ni Secretary Dominguez. Wala pa ‘yan.

Huwag mong sabihin na, “saan ang pera na 300 billion?” Ewan ko kung kaninong bayag mo ‘yan makuha. It’s not there. Magkokolekta pa ako.

Ngayon, masunod ba ‘yung collection mo? Hindi. Bakit? Wala na, ang ekonomiya patay. Walang negosyo. Walang nagbayad. Wala ‘yung nagtatrabaho na kaltasan ‘yung sweldo nila.

There’s no source of income now. Except maybe perhaps ‘yung fixed assets natin. Eh ‘yung mga lupa na may mga building. ‘Yon. Pero aside from that, the big money, ang --- sabi ko ang gobyerno hindi nag-i-imprenta ng pera ‘yan. Ang gobyerno gagastos lang sang-ayon sa ekonomiya mo. Economy is really ‘yung GDP na --- ‘yung sinasabi ko dito, it’s actually income.

At anong --- paano kaltasan ang pera mo, ang income mo sa mga utang mo. Diyan kunin. Ang utang mo --- the GDP. Ang utang mo kung marami kang utang, eh ‘di marami kang babayaran. Wala --- walang matira. Minsan meron kakaunti na lang.

But what is important really is… Makinig kayo kasi --- alam mo kung hindi kayo makinig and if you persist on listening to the idiots of this world, itong mga Pilipino, talagang madali ang pagbabagsak natin.

So you listen very carefully because we are trying to save not only the economy but the country. Help the country alive. I am not asking you to help the economy, wala kayong maitulong pati ako. So you just try to --- you know, do something that is not precipitate statement that would cause trouble na manggaling doon ang problema kasi mahihirapan na tuloy tayo.

Pero kung gustuhin din nila ang mangyari, eh… Basta ako sabi ko sa akin it's up to the Filipino people. If you decide to listen to the insane, Pamatong and company, pati 'yung congressman diyan, eh 'di doon kayo.

Ngayon kung magsabi kayo, "Saan na 'yung pera namin na 300 billion?" Wala pa po 'yan, kokolektahin pa 'yan. "O 'yung sabi 270 million?" Wala pa po 'yan, kokolektahin pa 'yan for the second and third, and fourth quarter sa ating kikitain.

'Yan ang totoo diyan. So malaman mo lang na 'yung mga --- alam mo, may panahon 'yung mga lessors nag --- nagpapa… Do not tempt the gods. Kasi pagka hindi ito naayos, ang COVID, mapurnada talaga tayong lahat. Huwag ninyong madaliin.

Sabihin ko sa inyo. Think of the COVID ganitong sitwasyon, tatakbo ito ng two years. Ngayon, anong silbi nagawa? Hindi lang ako. Lahat. Military, pulis, doktor, the medical world especially.

And then 'yung itong mga pulis naaawa ako nagche-checkpoint. Mabuti't na lang early on my term may ginawa ako para sa inyo. Isipin na lang kung...

Ito nakikita ko na noon pa. Itong COVID na ito, sinusundan ko talaga 'yan. Kasi sinasabi come johnny --- ah come-Jimmy-lately *[Johnny-come-lately]* --- hindi ho --- ako ang pinakaunang lahat nag-lockdown kasi nasusundan ko na ang istorya.

At sabi ko nagbabasa naman ako different sources of knowledge --- Facebook, everything --- lahat na ng what I can get my hands on to study the matter because Presidente ako. Dumating nga. Dumating nga. Ngayon, itong solusyon, ano ang solusyon?

Kaya maghintay kayo lessors, nagpaparenta, huwag ninyong madaliin kasi baka wala na tayo o wala ka na na mag-kolekta. You are not even --- you will not be even sure if you'd still be around to collect the money. Kaya naghihingi ako. Huwag mong pahirapan ang mga tao kasi 'pag ang tao in-evict mo, walang korte. Hindi naman ako nagpakamarunong pa sa mga judges or the judiciary --- judicial department of the government.

Kung magsabi ‛yang i-evict mo 'yung tao ngayon sa bahay, sabihin ko talaga sa’yo, "P***, huwag mong sundin 'yan." Kung ang… Ako, nagwa-warning lang ako.
Eh pilitin ninyo hindi makabayad ang pamilya tapos itapon ninyo, sarahan ninyo ‛yung bahay. Sabihin ko, "buksan ninyo ang bahay. Ipapasok mo ulit 'yung pamilya."

Punta ka ng korte? Sabihin ko sa kanila, "Huwag kayong maniwala sa korte." Hindi makakatulong 'yan. Hindi sana gusto ko ng anarchy. Pero at this time, makialam ako sa lahat ng opisina. It's because it is my duty to preserve the nation. And the only way I can do it is really to impose order.

Ngayon, kung sundin mo lahat ang batas para makapabor ka under the law... But itong panahon ng COVID, hindi naman talaga natin gusto at nandito, at gagawin mo 'yan, magsalubong tayo. Sabihin ko sa iyo magsasalubong tayo.

I-evict mo 'yang tao, pupuntahan --- personal kong --- pupunta ako sabihin ko, “ibalik mo 'yung tao. Huwag mong itapon 'yan sa daan kasi tayo ang mag-e-engkwentro.”

Kung hindi mo naman pala gustong tumulong ng kapwa tao mo, sunugin na lang natin 'yang mga apartments mo. Tutal may bumbero. Tawagin mo. Eh huwag ganun. Huwag ninyong i-pressure.

Ayaw kong gustong magsalita na ganito parang hold-upper. Pero if you interpret it that way, holdup talaga ito. Eh hinoldup mo kami sa aming mga pinaghirapan namin o itong mga 'to. Ako lang ang nag...

Hirap akong magsalita. Ang sikip kasi ng... Kasi lahat sila nakamaskara. Mahiya naman ako kasi ang order ko huwag kayong lumabas ng walang maskara. Tapos makikita ninyo lahat sila, ako lang ang hindi.

So naghingi ako diyan sa mga sundalo. Binigyan nila ako. Pero ang ginami --- ibinigay nila 'yung para sa mataas na ilong. *[laughter]* Eh p***... Kaya nahuhulog kasi wala akong ilong. Hindi naman ako... *[Saan ba ninyo nabili ito? Sa Amerika? May ano pa o, may parang ano pa dito, hangin. Mahigop mo. Maliit naman 'yung butas. Leche. Baka labas-pasok ang COVID dito sa mukha ko.]*

Well, anyway, ganun. Nakikiusap ako. Nagmamakaawa ako sa inyo. Huwag ninyong pilitin ang mga tao ngayon. Walang pilitan kasi talagang mag-e-engkwentro tayo. Hindi talaga ako papayag.

Huwag ninyo akong pilitin to go against the law because if the law says that you are entitled to this and that, but it will work sa kapwa tao mo ngayon. Biro mo i-pressure mo paalisin. Eh p***…

Ang sabi ko maghanap ka ng panahon sa buhay mo kung may buhay pa tayong paparating. Alam mo, ulitin ko. COVID, anong sagot? Vaccine. Walang vaccine? COVID stays. Iyan ang totoo. Ibigay ko sa inyo ang totoo.

So mag-maskara tayo. Kung wala pang vaccine mga Christmas time, sabay na tayo sa mga hold-upper. Pareho na tayo, pare-pareho na lahat. Eh ito ang bisyo ng mga unggoy eh. 'Di sabay na tayong lahat. Hold-upper na tayo. Tsk. T*** i**, naiinis ako eh.

Alam mo, kami dahan-dahan lang. Sabi nga ni Secretary Dominguez may pera. Huwag lang --- huwag lang --- huwag... Do not pressure anybody or a poor person just because you have this right.

It is not the time for you to pressure other people because of your right. Sabihin ko sa'yo ulit, mag-e-engkwentro tayo. Sigurado 'yan. Itaga ninyo sa bato 'yan. Hindi ako papayag. Kung hindi ako papayag, sinong tawagin ninyo? 'Yung pulis. Sabihin ko sa pulis, "Umalis kayo diyan pulis. Get out. Huwag mong..."

Kasi pulis, magra-riot 'yan. Kung lahat ng nag-uupa ngayon, paalisin ninyo. Iyong isa pinaalis o paalis. Magra-riot. Sinong...? 'Di kayong pulis.

So mamili kayo. Saan kayo susunod? Are you ready to confront the violence that will be created? Or you stay with me? Because I will make the decision para sa lahat for the common good.

So 'yung... Baka balang araw as we go along, marami namang mahiraman si Sonny. Sabi niya we can generate funds. Marami, sabi niya, marami ang nagpapautang sa atin. Ngayon, kung makabayad ba tayo? Eh 'di hanapin nila si Dominguez. Bakit tayo?

‘Pag 'di tayo nakabayad, o ako ba ang nagsabi na...? Eh si Sonny man 'yan. *[laughter]* Pero sabihin ko ha classmate kami nito. Since kindergarten valedictorian 'yan. Totoo. Bright siya. Pagka sabi maraming pera, sabi ko ang huli nito alam ko na ano. What is the endgame? 'Pag maubos talaga ang pera, ipabili ko lahat ng propiedad ng gobyerno. Iyang Cultural Center, PICC, 'yung lupa diyan, totoo, that's the last... 'Pag wala na akong makuha and we are about to sink and really sink, I will sell all the assets of government tapos itulong ko sa tao.

What is important is saan 'yung pera ninyo? Ang importante maintindihan ninyo 'yan eh. Kasi sa mga text, "Saan na 'yung 300 billion?" Adre, hangin 'yan. And it will continue to be a hangin. 'Pag second quarter, mag-break --- the economy will...

Mabuti’t na lang sabi ni Secretary Dominguez --- he is assuring that we can still stay afloat. Lulutaw pa tayo. Pero sabi niya, "huwag ka lang magsabi na kung kailan kasi 'yung mga tao hindi mo mabigyan ng hope."

Ako, magbigay ako sa inyo ng hope. For the time na nandito ako, ako ang control, ibigay ko lahat. Ipagbili ko lahat ng --- pati propiedad ng kung saan, ipagbili ko.

Ngayon, ibibigay ko sa inyo ‘yan. And do not worry about the money. Kung iyang pagdating ‘yang panahon lahat ng committee na miyembro para mag-aral kung magkano ang presyo, saan, ibibigay ko sa mga oposisyon. Ibibigay ko sa torpe na abogado na ito. Pati ang gawain kong chairman si Pamatong. Sige kayo ang mag-negotiate para wala kayong duda sa amin.

Ganyan ako. Kung ano lang kikitain. Kung napagbili ang Cultural Center ng singkwenta mil, eh wala tayong magawa iyan ang negosasyon nila. Ayaw kong makialam. Kasi alam mo kung bakit? Sabihin na naman nila ‘yan pag --- “p***** i**, bilyon-bilyon ‘yan. Magkano ang kickback nila?”

Kaya gusto ko lahat ng negosasyon kung may ipagbili man ako, if ever, if at all, ganito: mag-usap kayo kung magkano ang valuation, magkano ‘yung renta diyan sa mga --- mga --- mga complex, magkano ang bayad nila. Ibigay ko ‘yan sa --- ‘yung siguro five, dalawa lang --- dalawa lang ang miyembro na taga-gobyerno. Sige, kayo ang mag-negotiate.

So ulit, ‘yung sabi nga nila, hindi ‘yan individuals. We count it by families. Ngayon itong Pilipino, that is a lesson... May --- there’s always --- there’s always a lesson to be learned. May --- may leksyon talaga ang buhay.

Kay hindi kayo maniwala --- ngayon dumating ‘yan sa inyo, kung hindi kayo… Except those na nakuha talaga nila ang sakit because wala silang choice. Kaya ang mga doktor namatay, mga pulis, humaharap sila eh --- mga nurse. May tama silang lahat.

Kaya ‘yan sila ang ipinagdadasal ko number one. Na lahat niyang nasa ospital ngayon --- kagaya niyang lahat na nakipag-ugnayan sa may sakit sa mga bahay-bahay, sabi ko unahin mo ‘yan sila, Diyos. Ipanghuli mo na lang itong akin dito kung paano mo i --- eh tutal sabi ko ‘pag hindi, pati itong mga…

Totoo ‘yan ha. Nandito kami sa harap ng Pasig. Ang sa --- balikan ko ‘yung mga --- ang sunod bibigyan, outside of you nakalista na sa budget. Ngayon ang budget ‘yon ‘yung mga pangalan nasa barangay list. Kaya ‘pag wala ka doon, hindi ka talaga mabigyan.

Ngayon sabihin mo, “Paano kami, Mayor? Patayin mo kami sa gutom.” Well, the men on the ground will know. They are human beings. Rolly, General Baut --- puro general ‘to eh, General Bautista, General del Rosario, and General Galvez. They will look for a way to --- to help you. Hindi ka nila pababayaan. ‘Yung talagang nawala sa linya, you also might want to take it up with your mayor or barangay captain.

Ang pag-asa natin is --- including UP, itong atin ipagmalaki rin natin ang mga doktor natin. Iyang mga bright. Kasi over time, ‘yung nag-survive kasi ng COVID, nagkaroon na kayo ng… Kasi ang COVID hindi ‘yan nana, hindi ‘yan sugat. Hangin ‘yan na --- nasa hangin.

Ang problema noon kung mag --- maghintay ka lang mag-hatsing tapos magpalayo ka. Ngayon, iyong ano germs niya nilalabas rin niya kung malapit ka, pagdating ng hangin ‘yung binubuga niya doon sa hininga niya masagip mo kaya maraming --- at nagkaroon ng pandemic.

Italy suffered… Magkano ang sa Italy na namatay? 10,000? Fifteen. We’re trying to figure out how Sonny can come up with a --- ‘yung mga na --- ‘yung nabawasan ‘yung… ‘Yung iba naman kasi nag-retire na hindi na nakapag-hanapbuhay. ‘Yung iba nag-asa lang kasi ‘yon ang propiedad ng nanay pati tatay nila, hindi na magtatrabaho.

We are looking for a way how government can help. ‘Pag mag-asa lang tayo na we are… Sabi ni --- ang ibig sabihin ni --- ang credit rating natin BBB --- B+. Ibig sa --- B+ ang --- ‘yun ang one of the highest na magpahiram sa atin kasi marunong tayong magbayad. Marunong tayong maghiram at marunong tayong magbayad on time.

Kaya ‘yung sinasabi ni Secretary Dominguez ang credit rating natin is B+ which is halos nasa A na.  So, magkano utang natin? Well, it could be --- it

could go into trillions. Ang Japan is 300 trillion ang utang. Pero gumagana sila kasi ang ekonomiya nila --- they have the capacity to pay. Maski trillion-trillion, kumikita naman sila ng trillion-trillion rin.

Ang mga taga-UP natin, ‛yung na --- gumaling na, nagkaroon na ‛yan sila ng antibodies. Ibig sabihin matatag ang antibodies nila. Eh matanda, bata, wala eh --- babae, lalaki. ‛Pag nag-survive ka ng COVID, ibig sabihin ‛yung antibodies mo, ‛yung panlaban mo sa virus nasa iyong katawan eh.

Hindi antibiotics, hindi penicillin, hindi Biogesic, hindi lahat. Ang katawan mo mismo ang mag-produce ng kalaban sa --- mag-produce ng mga sundalo lalabanan ang COVID.

Ang mga taga-UP they are --- they are trying to figure out na ‛yung nakalabas na sa --- lahat na nagmamag --- mag mabuting-loob kayo. And I think kung ako, I should volunteer. That is the way of thanking God that you have survived.

Magpakuha kayo kasi ‛yun ang dugo ninyo --- ‛yung plasma ninyo ‛yun ang i-inject doon sa mga tinamaan. So ‛yung katawan mo makukuha niya ‛yon --- ‛yung dugo na kapatid mo na Pilipino, makukuha niya ‛yan.

Kasi kung mahina ka, matatanda kagaya sa amin... I don't know if my immune system is working efficiently. Sabi nga nila ang vulnerable 'yung matatanda.

So anong --- anong solusyon, Duterte? Mayor? COVID? Vaccine, bakuna. Kagaya --- kagaya ng --- kagaya ng kagat ng aso. That's the nearest that I can think of. 'Pag nakagat ka ng buang na aso, ‛pag hindi ka na-injection ng anti-rabies, you will die. Sigurado 'yan mag... Walang antibodies, antibodies diyan. 'Pag hindi ka nabakunahan, patay ka.

Iyon namang sa COVID, hindi ito kagaya nung rabies na --- it's not really a form of rabies but 'yung mga tao may --- may mga resistance 'yung matatag. Iyon 'yung mga tao na --- hindi ko kayo ini-intriga ha. Ito 'yung mga tao na mga nandiyan sa --- nandiyan sa daan araw-araw trabaho. Pero lahat ng --- nahigop nila lahat na siguro 'yan. Kaya matatag sila. Iyon 'yung mga... 'Yung iba naman genetics.

In the meantime, we help each other as one nation. Hindi ako mag-ano kung… If you still want a quarrel, go ahead. I said, there will be a time for that kung mag-survive tayo.

You can keep criticizing pero alam ng taong-bayan --- alam na ng Pilipino ano itong COVID at ano 'yung hakbang ng gobyerno at importante ito. I was stressing it again and again that's why I requested the presence of Secretary Dominguez here, saan 'yung pera?

Sabi saan 'yung 300 million? Hoy ugok, wala pa 'yan. Kokolektahin pa 'yan. 'Pag nakolekta na 'yan sa second quarter, 'yung pera na pag-ipon mo ang batayan niyan is the budget prepared last year which is being implemented now.

'Yung mayroon tayong savings, 'yon na 'yang sinabi ko kay Secretary Dominguez. Mag-ipon ka for the rainy days. Dumating nga talaga sa buhay natin.

Hindi rain, bagyo. Kaya nga I... If you have a better idea o 'yung nagmamakarunong makinig ninyo sa --- 'yung sa TV. Hayaan mo sige sabihin mo sa kanila, they can come here and I can turn over.

Sabihin ko sa Cabinet pati kay Secretary Lorenzana, sumunod na kayo doon sa kanila. Sila ang mag --- sila ang magpatakbo kung paano nila pa...

Maraming salamat po, Pilipino. Ako po ay inyong utusan at lahat kami dito ngayong gabi.

Again, salamat po.

**--- END ---**